Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(MINISTRY OF EDUCATION AND CULTURE)
Maynila

Abril 30, 1981

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 92, s. 1981

PAMBANSANG KOMPERENSIYA SA PAGLILINAW AT PAGTAYA
SA PATAKARANG BILINGGWAL SA KOLEHIYO

Sa: Mga Patnugot ng Kawanihan
Mga Patnugot ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at
Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Paaralang Pribado,
Kolehiyo at Pamantasan

1. Magdaraos ng isang Pambansang Komperensiya sa Mayo 20, 21, at 22, 1981, 9:00 n.u. - 5:00 n.h. Ang komperensiya sa Mayo 20 at 21 ay gaganapin sa Philamlife Pavilion, U.N. Avenue, Manila at sa Philippine Normal College Health Center Auditorium, Taft Avenue, Manila sa Mayo 22, sa pagtataguyod ng Pambansang Pederasyon ng mga Samahan sa Wika at Kalinangan at sa pakikipagtulungan ng Surian ng Sikolohiyang Pilipino. Ang tema ng tatlong araw na komperensiya ay "Ang Wikang Pilipino sa Patakarang Bilinggwal sa Kolehiyo."

2. Ang mga layunin ng nabanggit na pambansang komperensiya ay ang mga sumusunod: a) mabigyang-linaw ang Patakarang Bilinggwal sa Kolehiyo para sa lalong mabisang paggamit ng wikang pambansa sa pagtuturo sa kolehiyo, b) magkaroon ng pagkakataon ang mga gumagamit ng wikang pambansa sa pagtuturo sa kolehiyo na magtipun-tipon upang talakayin at ibahagi ang kanilang mga karanasan tulad ng pamamaraan, kagamitan, suliranin at kalutasan sa paggamit ng wikang pambansa, at k) magkaisa sa pagsuporta sa mga hakbang tungo sa pagpapaunlad ng paggamit ng wikang pambansa bilang wikang panturo sa kolehiyo.

3. Hinihiling sa kinauukulan at sa mga puno ng iba't ibang kagawarang pangkolehiyo at sa lahat ng mga guro na gumagamit ng Pilipino bilang wikang panturo na dumalo sa idaraos na pambansang komperensiya sa lugar, oras at petsang itinakda.

4. Ang kabuuang halagang ibabayad para sa mga materyales, pagkain (tanghalian at meryenda) at sa pagpapatala ay ₱100, na maaaring bayaran mula sa pondong lokal, na sasailalim ng mga alituntunin ng pag-aawdit.

5. Lahat ng katanungan hinggil sa panayam ay itukoy kay: Bb. Lilia Salazar, Tagapangasiwa, Surian ng Sikolohiyang Pilipino, 27 Matiwasay St., UP Village, Diliman, Quezon City, Telepono Blg. 96-48-86.

6. Kalakip nito ang pansamantalang listahan ng mga panauhing tagapanayam at ang kanilang paksang tatalakayin.

7. Hinihiling ang pagpapaabot ng Memorandum na ito sa lahat ng mga kinauukulan.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister ng Edukasyon at Kultura

Kalakip:
Gaya ng isinasaad

Mga Sanggunian:
Department Order: No. 50, s. 1975
MEC Order: No. 22, s. 1979

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga paksang sumusunod:

CONFERENCE
Course of Study, COLLEGIATE
OFFICIALS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

(Kalakip ng Memora[illegible]um PangMinistri Blg. 92, 1981)

# PAMBANSANG KUMPERENSYA

Petsa: Mayo 20-22, 1981

Oras: 9:00 n.u. - 5:00 n.h.

Lugar: Philiamlife Pavilion, U.N. Ave., Manila (Mayo 20 at 21)
Philippine Normal College Health Center Auditorium (Mayo 22)

## PANSAMANTALANG LISTAHAN NG MGA PAKSANG TATALAKAYIN AT MGA PANAUHING TAGAPANAYAM

Isang Paglilinaw ng Patakarang Bilinggwal sa Kolehiyo
- Minister Onofre D. Corpuz

Ang Buhay na Wikang Pambansa: Ang Tanawin at Pag-unlad ng Pilipino
- Minister Gerardo Sicat

Ang Filipino Bilang Lingua Franca
- Dr. Ernesto Constantino

Ang Kasalukuyang Pagkilos ng Surian ng Wikang Pambansa sa Pagpapaunlad ng Pilipino
- Direktor Ponciano B.P. Pineda

Ang Pagtuturo sa Filipino at ang Pag-unlad ng Kamalayang Pampulitika
- Dr. Wilfrido Villacorta

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo ng Pisika
- Dr. Roger Posadas

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo ng Kasaysayan
- Prop. Socorro Reyes

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo sa Isang Dalubhasaang Pambansa
- Prop. Esther S. Reyes

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo sa Isang Pribadong Kolehiyo: Kasong Pambansa
- Sister Aida Bautista, s.p.c.

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo sa Kolehiyo sa Kabisayaan
- Prop. Charita Canete

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo sa Kolehiyo sa Timog Mindanao
- Prop. Catalina Cuaresma

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo sa Kolehiyo sa Hilagang Mindanao
- Dekano Angelito Flores

Ang Paggamit ng Filipino sa Pagtuturo ng Agham Panlipunan: Kasong Pambansa
- Dr. Virgilio G. Enriquez